

MGA BABALA

SA MGA PAGKAKAMALI O PAGKUKULANG NA NAGAGANAP SA MGA NAG-AAYUNO:

[Tagalog]

تنبيهات على أخطاء أو نقائص تقع من بعض الصائمين

[اللغة الفلبينية]

Ni: Shiekh Abdullah bin AbdulRahman Al-Jibreen

الشيخ عبد الله بن عبد الرحمن الجبرين

Isinalin sa Wikang Filipino ni: Muhammad Taha Ali

المترجم: محمد طه علي

Reviewed by: Salamodin D. Kasim

المراجع: سلام الدين قاسم

Islamic Propagation Office in Rabwah

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: ٤٩١٦٠٦٥ - ٤٤٥٤٩٠٠ فاكس: ٤٩٧٠١٢٦

٢٠٠٨ - ١٤٢٩

islamhouse.com

تبيهاات على أخطاء أو نقائص تقع من بعض الصائمين

MGA BABALA

SA MGA PAGKAKAMALI O PAGKUKULANG NA NAGAGANAP SA MGA NAG-AAYUNO:

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng nilalang. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay ipagkaloob sa pinakadakilang Propeta at Sugo ng Allah, si Muhammad (ﷺ), sa kanyang mag-anak at mga kasamahan lahat ...

١. Ang di pagtakda ng *Niyyah* (layunin) sa gabi o bago ang pagsapit ng *Fajr* (*Adhan* sa madaling araw) – sa ubligadong pag-aayuno. At kahit paman (may nagpapahayag) na ang minsang pagtakda ng *Niyyah* sa buwan ng *Ramadan* ay sapat na.
٢. Ang pagkain at pag-inom habang isinisigaw ang *Adhan* sa *Fajr* o pagkatapos nito. At kahit paman ang ilan sa mga nananawagan ng *Adhan* ay nauuna, bilang pagbabakasakali lamang.
٣. Ang maagang pag-aalmusal sa madaling araw (*Suhur*), isang oras o dalawang oras bago ang *Fajr*. Samantalang ang mapananaligang ulat ukol dito ay ang pag-iinganyo sa maagang pag-aalmusal sa hapunan (*Iftar*) at pagpapahuli ng pag-aalmusal sa madaling araw (*Suhur*).
٤. Ang pagmamalabis sa pagkain at inumin ng karamihan sa mga tao. Ito'y sumasalungat sa kautusang pagpipigil ng gutom na siyang dahilan ng kataimtiman ng pananampalataya.
٥. Ang di pagdalo sa pagsasagawa ng *Salah* sa sama-samang pagdarasal (sa Mosque), tulad ng *Salah* sa *Dhuhr* at *As'r*, dahil

sa katamaran, pagtulog o pagkaka-abala sa mga bagay-bagay na walang katuturan.

٦. Ang kawalan ng pag-iingat sa dila sa araw ng *Ramadan* at maging sa gabi nito mula sa walang katuturan at masasamang salita, kawalang katotohanan at kasinungalingan, paninirang-puri at pagtsitsismis.
٧. Ang pagpapalipas ng mga mahahalagang oras sa paglilibang at paglalaro, panonood ng mga palaro at pelikula, mga bugtong at palaisipan at pag-iistambay sa mga daan.
٨. Ang di pagsasanay sa mga gawain na paulit-ulit ginagawaran ng gantimpala sa buwan ng *Ramadan*, tulad ng mga panalangin, mga *dhikr*, pagbabasa (ng *Qur'an*), at pagsasagawa ng mga kusang loob na *Salah*.
٩. Ang di pagdalo sa *Salah* ng *Tarawih* sa sama-samang pagdarasal, samantalang napatunayan ang pag-iinganyo sa pagsasagawa nito kasama ng *Imam* hanggang sa ito'y lumisan nang sa gayo'y maitatala sa kanya ang pagtaguyod sa buong magdamag.
١٠. Napupuna sa unang mga araw ng *Ramadan* ang maraming bilang ng mga nagsasagawa ng *Salah* at mambabasa (ng *Qur'an*), subalit sa huling mga araw ng Buwan lumalaganap ang katamaran at kakulangan, samantalang may nabubukod-tangi na partikular na kalamangan ng huling sampung araw ng *Ramadan* sa mga unang araw nito.
١١. Ang di pagtaguyod ng dasal sa gabi (*Al-Qiyam*) na siyang partikular na kalamangan ng huling sampung araw ng *Ramadan*. Sa katunayan ang Propeta (Muhammad ﷺ), kapag sumapit ang huling sampung araw ng *Ramadan*, binibigyan niya ng buhay ang kanyang gabi at ginigising ang kanyang mag-anak, pinag-iibayo ang pagsisikap at hinihigpitan ang kanyang epron.
١٢. Ang pagpupuyat sa gabi, anupa't nakatulugan ang *Salah* sa *Fajr*, kaya't hindi ito naisasagawa ng iba kundi sa pagsikat na ng araw, at iyon ay napakalaking pagkukulang sa tungkuling ito.

١٣. Ang karamutan sa salapi at pagtangi sa mga nangangailangan, samantalang dumadami sila sa Ramadan, sa kabila na ang gantimpala ng pagkakawanggawa sa ganitong mga pagkakataon ay ginagawaran nang paulit-ulit.
١٤. Ang hindi pagpapahalaga sa pamamahagi ng kabuuan ng *Zakah* (ubligadong kawanggawa) ng karamihan. Samantalang ito ay kaakibat ng *Salah* at Pag-aayuno, kahit paman ito'y hindi nabubukod-tangi lamang sa buwan ng *Ramadan*.
١٥. Ang pagkalingat sa panalangin habang nasa sandaling pag-aayuno, lalong-lalo na sa oras ng *Iftar* (hapunan), sa pag-aalmusal ng pagkain at inumin anupa't ito'y matutunghayan sa *Hadith*. At sa katunayan, may kahilingan ang isang nag-aayuno na hindi natatanggi sa sandali ng kanyang pag-aalmusal sa hapunan (*Iftar*).
١٦. Ang di pagsasagawa ng *I`tikaf* (pananatili sa Mosque) sa buwan ng *Ramadan* lalong-lalo na sa huling sampung araw nito, anupa't matutunghayan ang kadakilaan nito sa *Qur'an* at sa *Sunnah*.
١٧. Ang paglalabas ng karamihan sa mga kababaihan sa Mosque nang may magagandang damit at humahalimuyak na pabango kaakibat pa nito ang mga bagay-bagay na nagiging dahilan ng paglalaganap ng tukso.
١٨. Ang pagbibigay luwag sa paglalabas ng mga kababaihan sa gabi ng *Ramadan* sa mga palengke na ang tanging kasama lamang ay banyagang tsuper, ni walang kasamang *Mahram*. Kadalasan pa'y hindi naman ito kanais-nais.
١٩. Ang di pagsasagawa ng *Sunnah At-Takbeer* sa gabi bago ang *Eid* at sa kinaumagahan nito bago isagawa ang *Salah*, at sa sampung araw ng *Dhul Hijjah*, anupa't ito'y ipinag-uutos sa *Qur'an*.
٢٠. Ang pagpapaliban sa *Zakatul Fitr*, samantalang ang wastong kaparaanan ng pamamahagi nito ay sa araw ng *Eid* bago isagawa ang *Salah*. At maaari ring ipamahagi ito, isang araw o dalawang araw bago ang araw ng *Eid*.

Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay ipagkaloob sa Propeta nating si Muhammad (ﷺ), sa kanyang mag-anak at mga kasamahan.

Isinulat ni: Shaikh Abdullah bin Abdul Rahman Al-Jibreen.

Isinalin sa Tagalog ni: Muhammad Taha Ali

المكتب التعاوني للدعوة ووقاية الجالية بالربوة

هاتف: ٤٩١٦٠٦٥ - ٤٤٥٤٩٠٠ فاكس: ٤٩٧٠١٢٦

دار الإسلام www.islamhouse.com